File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG ABRIL 4, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 22-04-309

**PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA MGA NAULILA NI SIR JESUS ANTHONY AMBONG NG BARANGAY SAN JUAN**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member EDWIN C. ACERON**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na araw ng March 31, 2022 ang nagtakdang huling sandali ni Sir Jesus Anthony Ambong nang siya ay pumanaw na nagdulot ng labis na kadalamhatian sa kanyang pamilya, mga kaibigan, mga estudyante at mga kasamahan sa trabaho;

**"SAPAGKAT,** siya ay naging isang butihing asawa at mapagmahal na ama sa kanyang kaisa-isang anak, at ito ay mananatili na lamang bilang isang magandang alaala nang siya ay inatake sa puso at tuluyang binawian ng buhay sa edad na 42 taong gulang;

**"SAPAGKAT,** sa loob ng labing-apat na taon, si Sir Gigo kung siya ay mas kilalang tawagin ng karamihan ay naging isang masipag at mahusay na guro ng Bulalacao National High School-Main Campus at kalaunan ay lumipat at ibinahagi ang kanyang galing sa pagtuturo sa San Roque National High School-Bangkal Extension;

Scanned with CamScanner

"**SAPAGKAT,** ang buong Pamahalaang Bayan ng Bulalacao ay taus-pusong nakikiramay sa mga naulila at taimtim na nananalangin sa Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat na pagkalooban ng buhay na walang hanggan ang kaluluwa ng yumao na si Sir Jesus Anthony Ambong sa kanyang mapagpalang kaharian; Kung kaya't dahil dito…

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao sa mga naulila ni Sir Jesus Anthony Ambong ng Barangay San Juan,

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Edwin C. Aceron na pinangalawahan ni Konsehal Jess V. Sapungan, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY**": Abril 4, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x----------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. DENNES M. FANER**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. KIEVEN E. CANTOS**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. JESS V. SAPUNGAN**<br>Sangguniang Bayan Member |
| **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>Sangguniang Bayan Member | **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: may 6, 2022

050422/PLP/admm

Scanned with CamScanner